

# Ang Programang Pagrerehistrong Pantahanang Pagsasama o *Domestic Partnership Registration Program* ng Lungsod ng Seattle

Simula pa noong 1994, ang Lungsod ng Seattle ay nag-aalok sa mga magkasintahang di-kasal ngunit desididong magkaroon ng pangmatagalang relasyon ng isang pagkakataong isadokumento ang kanilang relasyon sa pamamagitan ng pagrerehistro bilang isang domestic partnership (pantahanang pagsasama) sa Opisina ng Klerk ng Lungsod ng Seattle. Ang *Domestic Partnership Registration* ay kusang-loob, at hindi gumagawa ng anumang bago o kakaibang mga legal na karapatan o mga pananagutan, o anumang batay sa kontrata o pananalaping obligasyon sa pagitan ng mga rehistrado.

## Sino ang Maaaring Magparehistro Bilang *Domestic Partnership* sa Lungsod ng Seattle

Sa ilalim ng [Ordinance 117244](#) ng Lungsod ng Seattle, ang tinutukoy na *Domestic Partners* ay ang sinumang dalawang tao na:

- Parehong 18 taon ang gulang o mas matanda;
- Hindi kasal sa kanino man;
- Walang kaugnayan sa isa't-isa sa dugo sa paraang makahahadlang sa kanilang pagpakasal sa Estado ng Washington;
- May relasyong kapwa pagtataguyod, pangangalaga o pagmamalasakit, at pangako; at
- Walang iba pang kinakasama.

Ang *Domestic Partnership Registration Program* ay hindi nangangailangan ng paninirahan sa Seattle, ito ay bukas kahit saanman naninirahan para sa lahat ng mga taong gustong lumahok.

## Ang Seattle Domestic Partnership Registration Program ay hindi kapareho ng *Domestic Partnership Program* ng Estadong Washington.

Ang Estado ng Washington ay nangangasiwa ng kanyang bukod na programa para sa pagrerehistro ng mga *domestic partnership*, na pinahintulutan ng Tsapter 156, sa mga Batas ng 2007. Ang kapwang mga atas at mga benepisyo ay **di-katulad** sa programa ng Lungsod ng Seattle:

Lungsod ng Seattle	Estado ng Washington*
Walang atas kaugnay sa edad	Walang atas kaugnay sa edad para sa magkasintahang magkaparehong kasarian; para sa magkasintahang magkaiba ang kasarian, ang isang pareha ay dapat nasa edad 62 taong gulang o pataas
Ang mga kalahok ay tatanggap ng Sertipiko ng Rehistro	Ang mga kalahok ay tatanggap ng mga sertipiko at mga kard na sukat sa pitaka
Walang mga panibagong karapatang legal o mga benepisyo ang lilikhain	Ang mga kalahok ay may mga legal na karapatan, kabilang ang pagdalaw sa ospital, pagdesisyon hinggil sa pangangalagang pangkalusugan at iba pa
\$25 bayad sa rehistrasyon	\$50 bayad sa rehistrasyon

Ang *Domestic Partnership Program* ng Estado ng Washington ay pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado (Sangay ng mga Korporasyon); ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa programang iyon ay makukuha sa 360-725-0377, sa pamamagitan ng e-mail sa [corps@sos.wa.gov](mailto:corps@sos.wa.gov), at sa kanilang website:

<http://sos.wa.gov/corps/domesticpartnerships/>

\*Maaaring magbago ang ilang mga aspeto ng *Domestic Partnership Program* ng Estado ng Washington kapag ang mga probisyon ng SB 6239, na naipasa noong Pebrero 2012, ay magkabisá.

Bago magparehistro sa alinman sa dalawang programa, mangyaring bigyan ng panahon upang matukoy kung alin ang makatutugon sa inyong mga pangangailangan.

### **Paano irehistro ang Domestic Partnership sa Lungsod ng Seattle**

- I-download ang [Domestic Partnership Registration Form](#), o humiling ng isang kopya mula sa Opisina ng Klerk ng Lungsod;
- Punan ang pormularyo (mangyaring sumulat nang malinaw);
- Ang parehong magkasintahan ay dapat lumagda sa pormularyo at dapat na manotaryohanang dalawang lagda;
- Dalhin o ipadala sa koreo ang pormularyo kasama ang \$25 na bayad sa rehistrasyon sa Opisina ng Klerk ng Lungsod.

### **Iba pang Mahalagang Impormasyon**

- Kabayaran para sa Programa:
  - Bayad para sa rehistrasyon: \$25
  - Bayad para sa Pagpapalit ng Sertipiko: \$10
- Tingnan ang [Fee Schedule](#) sa Opisina ng Klerk ng Lungsod para sa karagdagang impormasyon.
- Tinatanggap na Paraan ng Pagbabayad:
  - tseke
  - money order
  - cash – sa personal na pagbabayad lamang; mangyaring huwag magpadala ng pera sa pamamagitan ng koreo
- Ang Sertipiko ng Rehistrasyon ay karaniwang pinapadala sa mga aplikante sa loob ng tatlong araw na may pasok pagkatapos naming matanggap and aplikasyon. Ang mga sertipiko ay pinapadala sa pamamagitan ng koreong U.S. Postal Service first class mail.
- Ang mga sertipiko ay maaaring i-isyu nang personal; mangyaring tumawag nang maaga upang gumawa ng appointment para sa serbisyong ito.
- Ang Domestic Partnership Registration ay hindi kompidensyal. Ito ay isang pampublikong rekord sa ilalim ng Revised Code of Washington (RCW) Seksyon 42.56.

### **Ang Domestic Partnership at ang mga Empleyado ng Lungsod ng Seattle**

May patakaran ang Lungsod ng Seattle na kilalanin ang legal na kasal ng magkaparehong kasarian kasintulad ng kasal ng mga magkaibang kasarian. (Tingnan ang [Executive Order 02-04](#).) Ang isang umiiral na legal na kasal ng magkaparehong kasarian ay yaong nakarehistro sa isang estado o bansa na nagpapahintulot sa kasal ng mga magkaparehong kasarian.

Upang makatamo ng pinahintulutan ng Lungsod na pormularyong *Domestic Partnership* (tingnan ang SMC Seksyon [4.30.010](#)), mangyaring makipag-ugnay sa iyong Personnel na kinatawan.

### **Kung ang isang Rehistradong Domestic Partnership ay Nagwawakas**

- Upang kanselahin ang rehistrasyon ng isang *domestic partnership*, punan ang [Domestic Partnership Termination Form](#) at ipadala sa pamamagitan ng koreo sa Opisina ng Klerk ng Lungsod.
- Tanging ang isa sa kapareha lamang ay kailangang lumagda sa pormularyo; ang lagda ay dapat na manotaryohan.
- Isang sulat na kumpirmasyon ang ipapadala sa humihiling na kapareha.